



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-66

"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG 18, S-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG TALAMPAS, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (ANNUAL BUDGET) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN ANIMNAPU'T ISANG LIBO, LIMANG DAAN WALUMPU'T DALAWANG PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMO (P761,582.20)."

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Talampas para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng P761,582.20;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Talampas at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Talampas ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg.18, S-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Talampas, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Pitong Daan Animnapu't Isang Libo, Limang Daan Walumpu't Dalawang Piso at Dalawampung Sentimo (P761,582.20).


TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN


BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos


PINAGTIBAY, ngayong ika-2 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Marso taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim